Republic of the Philippines
Province of Oriental Mindoro
MUNICIPALITY OF BULALACAO

# OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

*Municipal Building, Poblacion, Bulalacao, 5214, Oriental Mindoro*

HALAW SA KATITIKAN NG REGULAR NA PAGPUPULONG NG SANGGUNIANG BAYAN NG BULALACAO, ORIENTAL MINDORO NA GINANAP NOONG IKA-13 NG SETYEMBRE, 2021 SA SANGGUNIANG BAYAN SESSION HALL

**MGA DUMALO:**

| | |
|---|---|
| Kgg. Ramon G. Magbanua | Tagapamanihala ng Pulong |
| Kgg. Dexter R. Gonzales | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Dennes M. Faner | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Edezer F. Aceron | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. German S. Acosta | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Kieven E. Cantos | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Jess V. Sapungan | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Elpidio N. Contreras, Jr | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Edwin C. Aceron | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Enrico C. Villas | Pangulo, Liga ng mga Barangay |
| Kgg. Tulay M. Caring | IPM Representative |
| Kgg. Kim Jonh Elco E. Cantos | SK Federation President |

**HINDI NAKADALO:**

**WALA**

x-------------------------------------------------------x

## KAPASYAHAN BLG. 21-09-270

**KAPASYAHANG HUMIHILING SA KAGAWARAN NG AGRIKULTURA NA ANG MGA IBINIBIGAY NA BINHI NG PALAY, MAIS, SIBUYAS AT MGA GULAY ANUMAN ANG URI O KLASE NITO AY MAY KAAKIBAT NA SABSIDIYANG ABONO AT PESTISIDYO**

**"SAPAGKAT,** ang munting Bayan ng Bulalacao ay matatagpuan sa dulong bahagi ng Lalawigan ng Oriental Mindoro kung saan ang kahirapan at mga pagsubok sa pamumuhay ay nararanasan pa rin ng malaking bahagi ng populasyon nito kabilang ang mga katutubo na kung tawagin ay Hanunuo Mangyan;

**"SAPAGKAT,** ang Bulalacao ay binubuo ng labinlimang barangay na mayroong malawak na lupaing pang-agrikultura, ito ay may kabuuang 10,325.80 hektaryang lupaing pangsakahan kung saan may humigit-kumulang na 6,000 katao ang nagtratrabaho bilang magsasaka;

**"SAPAGKAT,** ang Lokal na Pamahalaan ng Bulalacao ay masidhing naglilingkod sa mga pangangailangan at ikauunlad ng bawat mamamayan, katuwang nito ang mga tulong at ayudang natatanggap sa mga nasyonal na tanggapan at ahensya, isa na dito ang Kagawaran ng Agrikultura na walang sawa at patuloy na nagpapaabot ng mga gamit pangsakahan at iba't ibang binhi;

**"SAPAGKAT,** ang Lokal na Pamahalaan sampu ng masisipag at masigasig na mga magsasaka ng Bulalacao ay lubos na nagpapasalamat sa suportang natatanggap sa Kagawaran ng Agrikultura, subalit kanilang napapansin na pili lamang na uri ng mga binhi ng palay, mais, sibuyas at mga gulay ang nagkakaroon ng sabsidiyang abono at pestisidyo;

Scanned with CamScanner

"**SAPAGKAT,** ang Sangguniang Bayan ng Bulalacao ay magalang na humihiling na sa mga susunod na pamamahagi ng binhi ng Kagawaran ng Agrikultura ay mabigyan ng kaakibat na sabsidiyang abono at pestisidyo maging inbreed man o hybrid ang binhi ng palay, o maging hybrid man o open-pollinated ang binhi ng mais, at ang iba't ibang klaseng binhi ng mga gulay; Kung kaya't dahil dito…

**PINAGPASYAHAN PA GAYA NG GINAWANG PAGPAPASYA NA;** Humiling sa Kagawaran ng Agrikultura na ang mga binibigay na binhi ng palay, mais, sibuyas at mga gulay anuman ang uri o klase nito ay may kaakibat na sabsidiyang abono at pestisidyo;

**SA MUNGKAHI** nina SB Member German S. Acosta, SB Member Dexter R. Gonzales at SB Member Edezer F. Aceron na pinangalawahan ni SB Member Elpidio N. Contreras, Jr., ang kapasyahang ito ay…

**PINAGTIBAY":** Setyembre 13, 2021 Bulalacao, Oriental Mindoro.

---

**KGG. DEXTER R. GONZALES**
Sangguniang Bayan Member

**KGG. DENNIS M. FANER**
Sangguniang Bayan Member

**KGG. EDEZER F. ACERON**
Sangguniang Bayan Member

**KGG. GERMAN S. ACOSTA**
Sangguniang Bayan Member

**KGG. KIEVEN E. CANTOS**
Sangguniang Bayan Member

**KGG. JESS V. SAPUNGAN**
Sangguniang Bayan Member

**KGG. ELPIDIO N. CONTRERAS, JR.**
Sangguniang Bayan Member

**KGG. EDWIN C. ACERON**
Sangguniang Bayan Member

**KGG. ENRICO C. VILLAS**
Pangulo, Liga ng mga Barangay

**KGG. TULAY M. CARING**
IPM Representative

**KGG. KIM JONH ELCO E. CANTOS**
SK Federation President

**NAGPAPATUNAY SA KATOTOHANAN AT KAWASTUHAN:**

**PERLITA L. PAZ**
Kalihim ng Sanggunian

**SINAKSIHAN:**

**KGG. RAMON G. MAGBANUA**
Pangalawang Punong Bayan/Tagapamanihala ng Pulong

**PINAGTIBAY:**

**KGG. ERNILO C. VILLAS**
Punong Bayan
Petsa ng Nilagdaan: Oct 5, 2021

200921/PLP/jpc/admm

Scanned with CamScanner